Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Music

## Unang Markahan - Modyul 6
## Linggo 7-8: Malakas at Mahina na Pulso



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Musika – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan- Modyul 6: Malakas at Mahina na Pulso
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-isip sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishiers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Schools Division Superintendent: Rebonfamil R. Baguio

**Development Team of the Module**

**Author:** Lourdes A. Jabiniao

**Editor:** Marina A. Impig

**Reviewers:** Freddie L. Palapar – PSDS
Telesforo J. Borja Jr.

**Illustrator:** Agnes Valerie D. Noval
**Layout Artists:** John Rimmon I. Taquiso

**Management Team:**
Chairperson: Rebonfamil R. Baguio
*Schools Division Superintendent*

Co-Chairperson: Eugene I. Macahis, Jr.
Asst. Schools Division Superintendent

Members:
Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES
Jourven B. Okit, EPS – MAPEH
Analisa C. Unabia, EPS – LRMS
Joan Sirica V. Camposo, Librarian II
Israel C. Adrigado, PDO II

Inilimbag sa Pilipinas ng:
Department of Education - Division of Valencia City
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Musika

## Unang Markahan - Modyul 6
## Linggo 7-8: Malakas at Mahina na Pulso

Ang kagamitan sa pagkatutong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa mga pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang propesyonal na nasa larangan ng Edukasyon na magpadala ng kanilang puna o komento at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa sa pamamagitan ng email na ito: region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mag puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas**

## *Panimula*

Ang modyul na ito ay ginawa para sa mga mag-aaral na katulad niyo. Ito ay makatutulong na mapadali ang inyong pag-unawa sa mga araling nakapapaloob nito.

Basahin at intindihin ninyo nang mabuti ang mga panuto sa bawat gawain upang makamit ang mithiin ng modyul na ito.

Sa modyul na ito, makikilala ninyo ang malakas at mahina na pulso. Kaya ihanda ang sarili para sa mabisang pagkatuto at kawili-wiling karanasan.



### *Mga paalala sa mga Guro*

Inirerekomenda na masubaybayan ang lahat ng mga gawain ng mga mag-aaral upang lubusang mapakinabangan nila ang modyul na ito.



## *Alamin*


Mga layunin sa pagkatuto:

1. Nakikilala ang mga ritmo na nasa dalawahan, tatluhan, apatan na nagtataglay ng mahina at malakas na pulso.
2. Natutukoy ang malakas at mahina na pulso sa hulwarang ritmo o rhythmic pattern.
3. Nailalagay ang accent (>) sa tamang lugar sa *notation* ng napakinggang tugtugin /awit.

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na mga hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na mga tanong sa pagtataya at pagsasanay.


## *Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa iyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin |
|  | Suriin | Ito ay pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang inyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang inyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |




## *Subukin*


**Panuto A:** Ipalakpak ang sumusunod na hulwarang panritmo o *rhythmic patterns*. Pansinin ang mga simbolong > sa itaas ng mga nota at unahan ng bawat sukat. Ipalakpak nang mas malakas ang may accent (>) na nota sa unahan ng bawat sukat o *measure.*


1. 

2. 

3. 

Panuto: B Lagyan ng *accent (>)* o diin para sa malakas na pulso

4. 

5. 

**Panuto C:** Kilalanin ang mga sumusunod na mga pangkat ng nota. Isulat sa patlang kung ito ay sa **dalawahan**, **tatluhan** o **apatang** ritmo. Pagkatapos, lagyan ng accent (>) sa itaas ng notang nagtataglay ng malakas na pulso /beat.

__________6. 

__________7. 

__________8. 

__________9. 

__________10. 

| Aralin 1 | Malakas at Mahina na Pulso |
|---|---|

Sa modyul na ito ay makikilala mo ang tungkol sa **Diin (>)**. Ito ay ang malakas at mahina na pulso o beat sa bawat hulwarang ritmo ng isang awit.



## *Balikan*

**Panuto:** Hatiin at Lagyan ng bar line ang mga nota at pahinga upang makabuo ng rhythmic pattern sa itinakdang palakumpasan. Gumamit ng lapis sa paghiwalay ng bawat sukat.



## *Tuklasin*

Ikaw ba ay marunong umawit?
Nakapanood ka na ba ng paligsahan sa awit o tula?
Bakit kaya sila nanalo? o kaya natalo?
Ano kaya ang batayan ng mga hurado sa pagpili sa mananalo?
May nakilala ka rin bang sintunadong umawit?
Sa palagay mo, nakakaakit bang pakinggan ito?


Tulad sa pag-aawit, pagsasalita ,at pagtutula may mga salita o nota na binibigyan ng diin upang magandang pakinggan. Malalaman mo yan sa susunod na aralin.

## *Suriin*

Gayundin sa musika, may mga salita o nota na binibigyan ng diin upang magandang pakinggan. Ito ay tinatawag na accent (>) kaya, may accented at unaccented pulses sa isang awitin. Sa karaniwang kumpas, ang **diin o accent** ay mapakikinggan sa unahan ng bawat sukat. May nga awitin na nasa dalawahang ritmo, ang iba ay tatluhan at apatang ritmo.


Ang **dalawahang ritmo o *duple rhythm*** ay nagtataglay ng dalawang bilang. Ang unang bilang ay nasa malakas na pulso/beat sinusundan ng isa pang mahinang pulso.

Halimbawa:




Subukan mong ipalakpak ang bilang 1 nang malakas at susundan ng mahinang palakpak sa bilang 2. Hindi ba nabibigyan ng diin ang malakas na pulso o beat?

Gawin mo rin ito sa **tatluhang ritmo o *triple rhythm***. Mayroon ding tatlong bilang. Ang unang bilang ay malakas na pulso/beat sinusundan ng **1** **2** dalawang mahihinang pulso o beat.




Ganun din sa **apatang ritmo o *quadruple rhythm***. Ito din ay may apat na bilang. Ang unang bilang ay nagtataglay ng malakas na pulso/beat sinusundan ng tatlong mahihinang pulso/beats.




Subukan mo ring ipalakpak ang bilang 1 nang malakas at susundan ng mahihinang palakpak sa bilang 2, 3 at 4. Hindi ba nabibigyan ng diin ang malakas na pulso/beat?



## *Pagyamanin*

**Panuto**: Pag-aralan ang bahagi ng piyesa ng Lupang Hinirang. Awitinito at lagyan ng simbolo ng accent (>) ang bahagi ng awit na may malakas na pulso o beat.

Bayang magiliw perlas ng silanganan

Alab ng puso sa dibdib mo'y buhay

Lupang Hinirang duyan ka ng magiting

Sa manlulupig di ka pasisiil.




## *Isaisip*

Ang **dalawahang ritmo o *duple rhythm*** ay nagtataglay ng dalawang bilang. Ang unang bilang ay nasa malakas na pulso/beat sinusundan ng isa pang mahinang pulso.


Ang **tatluhang ritmo o *triple rhythm***. Mayroon ding tatlong bilang. Ang unang bilang ay malakas na pulso/beat sinusundan ng dalawang mahihinang pulso/beat.

Ang **apatang ritmo o *quadruple rhythm***. Ito din ay may apat na bilang. Ang unang bilang ay nagtataglay ng malakas na pulso/beat sinusundan ng tatlong mahihinang pulso o beats.



## *Isagawa*


**Panuto:** Sanayin ang mga kamay sa pagpalakpak sa mga bilang 1 na nagbibigay diin sa malakas na pulso o beat at ang susunod na mga bilang na may mahihinang tunog.






## *Tayahin*

**Panuto A:** Ipalakpak ang mga sumusunod na hulwarang panritmo o *rhythmic patterns*. Ipalakpak nang mas malakas ang may accent (>) sa unahan ng bawat sukat o *measure.*

1. 

2. 

3. 

**Panuto: B** Lagyan ng *accent (>)* o diin para sa malakas na pulso

4. 

5. 

**Panuto C:** Lagyan ng accent (>) sa itaas ng notang nagtataglay ng malakas na pulso /beat pagkatapos kilalanin ang pangkat ng nota kung ito ay sa **dalawahan, tatluhan at apatang** ritmo.

__________6. 

__________7. 

__________8. 

__________9. 

__________10. 



## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Lagyan ng check (√) ang latang nagtataglay ng malakas na pulso o beat batay sa kumpas na ibinigay.

Dalawahang ritmo



**1**



**2**

**<u>Tatluhang ritmo</u>**



**1**



**2**



**3**

**Apatang ritmo**



**1**



**2**



**3**



**4**

## *Susi sa Pagwawasto*

| Subukin |
| --- |
| 1. Pagpalakpak sa malakas na pulso |
| 2. Pagpalakpak sa malakas na pulso |
| 3.Pagpalakpak sa malakas na pulso |
| 4.paglagay ng accent sa malakas na pulso |
| 5. paglagay ng accent sa malakas na pulso |
| 6.Pagkilala sa kumpas at paglagay ng accent |
| Pagkilala sa kumpas at paglagay ng accent |
| Pagkilala sa kumpas at paglagay ng accent |
| Pagkilala sa kumpas at paglagay ng accent |
| Pagkilala sa kumpas at paglagay ng accent |

| Activity 1: Pagyamanin |
| --- |
| > > > > <br>Bayang magiliw perlas ng silanganan<br>> > > ><br>Alab ng puso sa dibdib mo'y buhay<br>> > > ><br>Lupang Hinirang duyan ka ng magiting<br>> > > ><br>Sa manlulupig di ka pasisiil. |

| Activity 2 Isagawa |
| --- |
| 1.Pagpalakpak sa malakas na pulso |
| 2.Pagpalakpak sa malakas na pulso |
| 3.Pagpalakpak sa malakas na pulso |
| 4.Pagpalakpak sa malakas na pulso |
| 5.Pagpalakpak sa malakas na pulso |

| Tayahin |
| --- |
| 1.pagpalakpak sa malakas na pulso |
| 2.pagpalakpak sa malakas na pulso |
| 3.pagpalakpak sa malakas na pulso |
| 4.Paglagay ng accent |
| 5.Paglagay ng accent |
| 6.Pagkilala ng kumpas at paglagay ng accent |
| 7.Pagkilala ng kumpas at paglagay ng accent |
| 8.Pagkilala ng kumpas at paglagay ng accent |
| 9.Pagkilala ng kumpas at paglagay ng accent |
| 10.Pagkilala ng kumpas at paglagay ng accent |

***Sanggunian:***

Digo,Ma.Elena D., et. al. (2015) Musika at Sining. Book Media Press, Inc.

For inquiries and feedback, please write or call:

Department of Education – Division of Valencia City

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615